ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# MGA KASANAYANG RESEPTIB AT EKSPRESIB NG MGA MAG-AARAL NG SENIOR HIGH SCHOOL SA KONTEKSTONG BAGONG NORMAL

**Ivy Joy D. Ganancial[1], Rene P. Sultan, EdD, DPA[2]**
[1]*Student, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*
[2] *Faculty, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra19622
**DOI No: 10.36713/epra19622**

**ABSTRAK**

*Ang mga makrong kasanayan ay napakahalagang salik na nakaaapekto sa pang-araw-araw na gawain. Ito ay ginagamit sa pag-aaral o pakikipagtalastasan na nakatutulong sa pagpapaunlad ng wika at ang linaw ng mensahe na nais iparating sa kapuwa. Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa senior high school sa kasanayang reseptib at ekspresib. Sinisiyasat nito ang makabuluhang ugnayan na mayroon sa mga kakayahang reseptib at kasanayang ekspresib. Isang descriptive-correlational na disenyo ang ginamit at binubuo ng 175 na mag-aaral sa ikalabing-isang baitang ng Senior High School sa isang pribadong paaralan sa lungsod ng Davao. Isang pansariling instrumento ang ginamit upang makuha ang mga tugon ng mga mag-aaral. Mean at Pearson Product-Moment Correlation ang ginamit sa pagsusuri ng datos. Natuklasan sa pag-aaral na ang pagganap ng mga mag-aaral sa Senior High School sa kasanayang reseptib at ekspresib ay kasiya-siya at inihayag ang pagsusuri na may makabuluhang ugnayan ang dalawang kasanayan. Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggamit ng angkop na estratehiya at banghay-aralin sa pagkatuto upang matugunan ang mga nagbabago at magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral at upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa reseptib at ekspresib.*

**MGA SUSING SALITA:** *Kasanayang Ekspresib, Kasanayang Ekspresib, Lungsod ng Davao*

## ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

Ang mga makrong kasanayan ay napakahalagang salik na nakaaapekto sa pang-araw-araw na gawain. Ito ay ginagamit sa pag-aaral o pakikipagtalastasan na nakatutulong sa pagpapaunlad ng wika at ang linaw ng mensahe na nais iparating sa kapuwa. Kung hindi ito gagamitin sa wastong paraan ay walang pagkakaunawaan.

Ayon sa pandaigdigang ulat, nakababahala ang mga resultang ipinakita ng mababang akademikong pagganap ng mga mag-aaral na Pilipino, ito ay malakas na nauugnay sa kanilang hindi magandang kasanayan sa pagtanggap o kakayahan sa pakikinig at pagbasa. Ang mga pag-aaral mula sa mga resulta ng mga pagsusulit sa Programme for International Student Assessment (PISA) at Trend in International Mathematics and Science Study (TIMSS, 2018) ay nagbalangkas ng mga pagsusuri sa mga kasanayang pang-akademiko tulad ng kabatiran, pangangatuwiran at paglalapat ng kaalaman sa pang araw-araw na pamumuhay. Natuklasan sa pag-aaral ng TIMSS noong 2019 na ang mga Pilipino ay pinakahuli sa 58 na mga bansa sa isang pagtatasa para sa matematika at agham para sa mga mag-aaral sa ikaapat na baitang. Noong 2018, ang mga mag-aaral na Pilipino ay pumwesto rin sa 79 na mga bansa sa pag-unawa sa pagbasa, at pangalawang pinakamababa sa parehong matematika at pang-agham na pagbasa at pagsulat ayon sa ulat ng PISA. Ang Pilipinas ay nakapuntos ng 353 sa matematika, 357 sa agham, at 340 sa pagbasa, lahat ay mas mababa sa average ng mga kalahok na bansa para sa Organization for Economic Co-operation and Development (OECD, 2020).

Sa Pilipinas, ang sekondaryang antas ay isa sa pinakamahalagang antas ng edukasyon ng isang mag-aaral. Ang Filipino ay itinuro sa antas na ito, ngunit ang naaangkop na diin ay hindi ibinibigay sa mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral. Bagaman ang pagsasalita at pagsulat ay dalawang karaniwang paraan ng komunikasyon, ang mga tagapagpanukala ng edukasyon sa primarya, at sekondaryang antas ay may dalawang pangunahing kasanayan na binibigyan lamang ng kaunting diin. Bilang resulta, hindi mailalapat ng mga mag-aaral ang mga kasanayan ng Filipino sa kanilang praktikal na buhay. Sa pamamagitan nito, nag-aalangan ang mga employer tungkol sa mga kakayahan ng mga batang Pilipinong nagtapos na madalas na pinupuna dahil sa kawalan ng kasanayan sa pagsasalita at pagsulat (Vital, 2021).

Dagdag pa nito, ang wikang Filipino ang midyum sa bawat domeyn ng komunikasyon, mapalokal man o pambansang konteksto. Dulot nito, ang pangangailangan para sa mabisang

paggamit ng wikang Filipino ay kinakailangan sa edukasyon. Ang pagtuturo at pag-aaral ng Filipino ay napakahalaga para sa mga layuning pangkomunikasyon upang itaguyod ang lumalaking bayan, bansa, at pandaigdigang kahingian para sa kasanayan sa wikang Filipino. Bilang pagtugon sa lumalaking pangangailangan ng lokal at internasyonal na larang, maraming pagsisikap mula sa iba't ibang komite at sektor ang naging sangkot sa pagsasagawa ng sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas upang makatulong na mapalakas ang kagalingan ng mga nag-aaral sa wikang Filipino (Domingo, 2016).

Bukod dito nabanggit nina Reyes et al. (2021) na patuloy na dumadaing ang mga tagapamahala ng industriya patungkol sa kalidad ng mga nagtapos na Pilipino, ito ay nangangailangan ng karagdagang pananaliksik upang matukoy ang mga sanhi ng naturang mga problema. Bilang karagdagan, isiniwalat din ng mga pag-aaral na ang kasalukuyang kalagayan ng mga suliranin na nag-ambag sa kawalan ng kakayahan ng mga nagtapos na Pilipino sa nasabing mga kasanayan ay sanhi ng pagkabigo ng kasalukuyang sistema ng edukasyon upang bigyang-diin ang sining ng pagtuturo ng mga kasanayang ito sa kurikulum.

Lumabas sa pag-aaral na isinagawa ni Ebardo (2018), na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa paggamit ng kasanayang reseptib at kasanayang ekspresib bilang pagtugon sa situwasyong pagkatuto. Samakatuwid, ang isang pag-aaral ay isinagawa nina Rodriguez at Napigkit (2017) upang matukoy ang antas ng mga kasanayang reseptib tulad ng pakikinig, mabisang pagbasa, at sa kasanayang ekspresib, gaya ng pagsasalita at pagsulat. Karamihan sa kanila ay nakaranas ng kahirapan sa mga ekspresib na kasanayan tulad ng naobserbahan sa pamamagitan ng mababang marka sa mga pagsusulit, pangunahing pagtataya pati na rin sa katatasan at kawastuhan sa pagbigkas.

Ipinalalagay ng mga guro na ang mga gumugol ng maraming oras sa pakikinig, pagbasa, pagsasalita at pagsulat ay gumanap nang maayos sa pasalita at pasulat na pagtatasa. Dahil sa mga alalahaning ito, nagkomento ang ilang mga dalubhasa na kailangang punan ng mga estratehiya o pamamaraan sa klase upang kilalanin ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng mga kakayahan sa wikang Filipino.

Dahil sa mga impormasyong nabanggit sa itaas, mahihinuha na kakaunti lamang ang pananaliksik na naisagawa upang imbestigahan ang ugnayan sa pagitan ng kasanayang reseptib at kasanayang ekspresib ng mga senior high school na mag-aaral. Dahil sa bilang ng mga mag-aaral sa senior high school ng isang pribadong institusyon sa Lungsod ng Davao ay karamihan sa kanila ang nakaranas ng kahirapan sa kasanayang reseptib at kasanayang ekspresib. Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa senior high school sa kasanayang reseptib at ekspresib. Sinisiyasat pa nito ang makabuluhang ugnayan na mayroon sa mga kakayahang reseptib.

***Teoritikal na Balangkas***

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teorya ng koneksyon sa pagbabasa. Sinabi ni Rosenblatt (1988) na ang kaugnayan sa pagitan ng pagbabasa at pagsulat ay malapit na nakaugnay. Sa liwanag ng pangkalahatang kalakaran, inilahad niya ang isang coherent theoretical approach sa pakikipag-ugnayan sa proseso ng pagbabasa at pagsulat. Ayon sa kanya, ang relasyon sa pagitan ng pagbabasa at pagsusulat ay sumasakop sa isang network ng mga pagkakatulad at pagkakaiba. Ang ekspresib na kahusayan ay ang kakayahang gumawa ng angkop at magkakaugnay na mga mensahe sa pagsulat at pagsasalita. Ito rin ang kakayahang ipahayag at isaayos ang mga kaisipang angkop. Gayundin, ang ekspresib na kahusayan ay mas madalas na nauugnay sa pagsulat dahil ang pagsulat ay kinapapalooban ng paggawa ng teksto tulad ng pagsulat ng liham o sanaysay.

Ang pag-aaral na ito ay batay rin sa maimpluwensya at kontrobersyal na teorya nina Krashen et al. (1984) sa pagtamo ng wika, ayon sa teorya, ang kahalagahan ng pagsasalita batay sa kanyang paniniwala ay parehong mahalaga at sapat na pagtamo ng wika. Dagdag pa nila na "ang pagsasalita ay hindi kinakailangan", na ang mga mag-aaral ay nagtatamo lamang ng pananalita sa pamamagitan ng input. Ang pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig na ang pag-aaral ng wika ay nangangailangan ng higit pa sa isang maunawaing input.

Ang Speech Act Theory ay isang komponent ng diskors o paggamit ng wika ito ay paliwanag ni Searle (1979) na sinasabing may iba't ibang kasama o kaugnay na kahulugan ang mga salita o pahayag na binibitiwan ng tagapagsalita depende sa kanyang layunin. Ibig sabihin, ang akto ng utterance ay kung paano at ano ang layunin ng pagkasabi.

Pagsang-ayon naman ni Greenbaum (1985), na ang pagsasalita at pakikinig ay ang unang dapat paunlarin bago ang pagsulat ng mga kasanayan. Depende ito sa bilang ng mga kadahilanan tulad ng mahusay na pagsasalita, pag-uusap, sapat na bokabularyo, artikulasyon, at pagbabalita. Ang pagsasalita at pagsusulat ay nangangailangan ng paggamit ng bokabularyo.

Itinuring nina Saddler at Graham (2005) ang pagsulat ay isang pisikal at mental na gawain na nakikibahagi sa iba't ibang layunin. Ito ay gawaing mental na nagsasagawa ng mga ideya tungkol sa isang paksa na nangangailangan ng malaking disiplina sa isipan at pagsasaalang-alang ng teknikal na kaalaman at kung paano ang pagiging malikhain.

## PAMAMARAAN

***Disenyo ng Pag-aaral***

Isang *"descriptive-correlational"* na disenyo ang ginamit sa kwantitatibong pananaliksik na ito. Sa pangkalahatan, ang *correlational* na pag-aaral ay isang kwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik na kung saan ay may dalawa o higit pang kwantitatibong baryabol sa magkaparehong pangkat ng tagatugon

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

na ginamit upang malaman kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol at antas ng pagkaka-ugnay (Daniel et al., 2011).

Ang *"descriptive-correlational"* na disenyo ay ginamit upang malaman ang kaugnayan ng di-malayang baryabol (Kasanayang Reseptib) at ang malayang baryabol (Kasanayang Ekspresib). Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Davao, Davao del Sur, Rehiyon XI sa Pilipinas. Ang institusyong ito ay pinamumunuan ng mga *"Religious of the Virgin Mary"*. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa *Senior High School* sa Taong Panuruan 2020-2021, may 320 na mag-aaral na nakapag-*enrol* sa nasabing institusyon.

***Mga Kalahok***
Ang kalahok sa pag-aaral na ito ay 175 na mag-aaral sa ikalabing isang pangkat ng Senior High School. Upang maging *homogenous* ang sampol, kinakailangang ang mga mag-aaral ay opisyal na nakapagpatala sa pribadong institusyon.

*Simple random sampling* ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ayon kay Prieto et al. (2017), ang *simple random* sampling ay isang *subset* ng isang populasyon ng istadistika na kung saan ang bawat miyembro ng *subset* ay may pantay na posibilidad na mapili. Ito rin ay sinadya upang makita na walang kinikilingan ang representasyon ng isang pangkat. Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay naghanda ng *random name picker* upang makuha ang listahan ng mga respondente na kinakailangan

***Paraan ng Pangangalap ng Datos***
Ang mananaliksik ay nagpadala ng liham sa pagsasagawa ng pag-aaral sa tagapangasiwa ng paaralan ng sekondaryang institusyon. Matapos ang pag-apruba, ang mananaliksik ay nagpatuloy sa pagsagawa ng sarbey sa mga kalahok ng pag-aaral. Bilang pagsunod sa utos ng *Inter-Agency Task Force* (IATF) sa pag-uuri ng Lungsod ng Davao, na kung saan hindi maisasagawa ang pisikal o *face-to-face* na sarbey, bunga nito ay nagsagawa ang mananaliksik ng isang *online survey*.

Sa pagsagawa ng *online survey*, ang mananaliksik ay nagbigay alam sa mga tagatugon tungkol sa layunin ng pag-aaral, mga panganib at benepisyo ng paglahok, ang pamamaraan ng pagkolekta ng mga datos na magtataguyod ng lubos na pagiging kompidensiyal. Sa *online survey*, kung ang mga respondente ay magpapatuloy sa sarbey at kinumpleto ang pagsagot sa talatanungan, ito ay nangangahulugang pagpayag sa isinagawang pagtugon. Kung ang mga respondente ay nangangailangan ng *soft copy* ng *informed consent*, sila ay bibigyan sa pamamagitan ng elektronikong liham. Kapag naibigay na ang pahintulot, ang mga respondente ay inaanyayahang makilahok sa *online survey*. Ang talatanungan ay ipinadala sa mga respondente at ang mga ito ay nasagutan sa *online* sa pamamagitan ng *Google Forms.*

Pinapadalhan ng elektronikong liham ang bawat kalahok na naglalaman ng *link* sa *online survey* at direktang nabubuksan ng mga kalahok ang talatanungan. Upang matiyak ang lubos na kumpidensyalidad, ang mananaliksik lamang ang magkakaroon ng *access* sa talatanungan patungkol sa mga tugon.

***Instrumento ng Pananaliksik***
Sa kawalan ng magamit na istandardisadong kagamitan na gagamitin sa pangangalap ng kakailanganing datos, ang mananaliksik ay naghanda ng sariling instrumento na batay sa mga nabasang kaugnay na literatura at mga di-nalathalang kagamitan. Nakatulong din ang paggamit ng mga aklat at dyornal.

May dalawang bahagi ang talatanungan na nabuo, ang Kasanayang Reseptib at Kasanayang Ekspresib. Sa kasanayang reseptib ay nahahati sa dalawang bahagi: pagbasa at pakikinig. Ang bawat kasanayan ay binubuo ng tatlong tanong at may apat na pagpipilian na may kaakibat na isang puntos sa bawat aytem.

Sa Kasanayang Ekspresib naman ay mayroon ding dalawang bahagi, ang pagsulat at pagsasalita. Ang kasanayang pagsulat ay may iisang teksto na bibigyan ng pagbubuod at ang pagsasalita ay may iisang paksa na gagawan ng vlog. Ang dalawang kasanayan ay bibigyan ng pagmamarka sa pamamagitan ng eskala na nailakip sa ibaba:

| Eskala | Katumbas | Interpretasyon |
|---|---|---|
| **90-100** | Lalong Mataas | Kung ang pagganap ng mga mag-aaral sa kasanayang reseptib at ekspresib ay **namumukod-tangi**. |
| **85-89** | Mataas | Kung ang pagganap ng mga mag-aaral sa sa kasanayang reseptib at ekspresib ay **lubhang kasiya-siya.** |
| **80-84** | Katamtaman | Kung ang pagganap ng mga mag-aaral sa sa kasanayang reseptib at ekspresib ay **kasiya-siya.** |
| **75-79** | Mababa | Kung ang pagganap ng mga mag-aaral sa kasanayang reseptib at ekspresib ay **nangangailangan ng pagpapabuti.** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Pagsusuri ng Datos***

*Mean.* Ito ay ginamit upang alamin ang antas ng Kasanayang Reseptib sa mga tuntunin ng pagbabasa at pakikinig, gayundin sa Kasanayang Ekspresib, ang pagsasalita at pagsusulat.

*Pearson Product-Moment Correlation.* Ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng Kasanayang Reseptib at Kasanayang Ekspresib. Lahat ng interpretasyon ay ibinatay sa α = 0.05 *level of significance* gamit ang *two-tailed test*. Lahat ng kompyutasyon ay isasagawa gamit ang *SPSS version 23.0 statistical software*.

***Pagtalakay sa mga Kinalabasan***

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga datos na nalikom gamit ang instrumentong pampananaliksik na idinesinyo at inihanda ng mananaliksik upang malaman ang antas ng kasanayang reseptib at antas ng kasanayang ekspresib ng mga mag-aaral na Senior High School ng isang pribadong pamantasan sa Lungsod ng Davao, Rehiyon XI. Ang pagkakalahad ng paliwanag ay naaayon sa mga sumusunod na *sub headings*: antas ng kasanayang reseptib; antas ng kasanayang ekspresib; makabuluhang ugnayan ng kasanayang reseptib at kasanayang ekspresib.

***Talahanayan 1. Antas ng Kasanayang Reseptib ng mga Senior High School Ayon sa Kasanayan sa Pakikinig at Pagbasa***

| Blg. | Mga Domeyn sa Kasanayang Reseptib | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Kasanayan sa Pagbasa | 81.87 | Katamtaman |
| 2. | Kasanayan sa Pakikinig | 82.75 | Katamtaman |
| | **Kabuoan** | **82.31** | **Katamtaman** |

Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang reseptib ay nailalahad sa Talahanayan Bilang 1. Ang bawat aytem ng mga indikeytor ng mga baryabol ay binigyan ng karampatang mga palarawang katumbas batay sa mga natamong *mean rating.* Nakikita sa talahanayan ang mga datos na nalikom mula sa mga mag-aaral sa Senior High School gamit ang instrumentong pampananaliksik na nasa anyong pagsusulit. Ang *kasanayan sa pagbasa* ay nagtala ng *mean score* na 81.87 o nasa katamtamang antas. Ang talahanayang ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa kabuoan ay may kasiya-siyang pagganap sa pagbasa. Sa antas na ito, ang mga mag-aaral ay nakabuo ng mga pangunahing kaalaman at kasanayan at mga pangunahing pag-unawa at nangangailangan ng kaunting gabay mula sa mga guro sa mga nilalaman ng asignaturang Filipino sa Senior High School sa aspektong pagbasa.

Ang kasanayan sa pagkikinig ay nagtala ng mean score na 82.75 o nasa katamtamang antas. Ang pigurang ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa kabuoan ay may kasiya-siyang pagganap sa pakikinig. Sa antas na ito, ang mga mag-aaral ay nakabuo ng mga pangunahing kaalaman at kasanayan at mga pangunahing pag-unawa at nangangailangan ng kaunting gabay mula sa mga guro sa mga nilalaman ng asignaturang Filipino sa Senior High School sa aspektong pakikinig.

Inilalarawan ni Rodriguez (2015), na ang kasanayang reseptib ay ang pakikinig at pagbasa. Ito ay tinatawag na receptive sa Ingles dahil ang mga mag-aaral ay hindi kailangang gumawa ng wika upang maisagawa ang mga ito sapagkat natatanggap at naiintindihan lamang. Nagdudulot din ng pasibong pag-aaral na malaking kaibahan sa pagsasalita at pagsulat na produktibo at aktibo. Ipinahayag ni Banditvilai (2016) na ang pagbasa at pakikinig ay tinatawag na kasanayang reseptib dahil sa pakikinig at pagbasa ng isang bagay ay natatanggap ang wika, naiintindihan, at naibibigay ang kahulugan. Sa pag-aaral na ito, katamtaman ang antas ng kakayahan sa reseptib ng mga kalahok. Samakatuwid, ang mga mag-aaral ay dapat na makabisado ang mga kasanayan sa reseptib dahil sila ay mahalaga sa pag-aaral ng mga bagong wika. Ang mga kasanayan sa reseptib ay mahalaga sa pagtulong sa mga mag-aaral na maunawaan at bigyang-kahulugan ang mga pasalita at nakasulat na materyales. Ang mga kinakailangang kasanayang ito ay binuo sa aktibong pag-aaral ng mga silid-aralan kung saan nakakamit ng mga mag-aaral ang mas mataas na resulta ng pagkatuto gayunpaman, ang ganitong uri ng pag-aaral ay nangangailangan ng mga aktibong guro at mag-aaral na handang magsagawa ng mga aktibidad.

Ang pananaw sa itaas ay pinagtibay ng pag-aaral ni Mangahis (2011), na ang isang tipikal na pasibong pag-aaral sa silid-aralan ay maaaring may kasamang lecktyur kung saan isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang naririnig at pagkatapos ay dapat ulitin ito sa ibang pagkakataon. Sa kabaligtaran, ang isang aktibong silid-aralan sa pag-aaral ay maaaring magsasangkot ng isang panayam at pagkatapos ay kailangan ng mga mag-aaral na talakayin sa isa't isa ang mga paksang ibinigay sa pag-aaral at gamitin ang talakayang iyon upang magbigay ng isang presentasyon sa kanilang mga kaklase. Tulad ng makikita mula sa simpleng halimbawang ito, ang mga aktibong diskarte sa pag-aaral ay nakakamit ng mas mataas na resulta ng pag-aaral ngunit nangangailangan ng higit na pagsisikap mula sa parehong mga guro at mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 2. Antas ng Kasanayang Ekspresib ng mga Senior High School Ayon sa Kasanayan sa Pagsulat***

| Blg. | Mga Domeyn ng Pagsulat | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nilalaman | 81.71 | Katamtaman |
| 2. | Presentasyon | 82.86 | Katamtaman |
| 3. | Organisasyon | 80.86 | Katamtaman |
| 4. | Baybay ng mga Salita at iba pang teknikal na aspeto | 80.14 | Katamtaman |
| | **Kabuoan** | **81.39** | **Katamtaman** |

Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang ekspresib sa pagsulat ay nailalahad sa Talahanayan Bilang 2. Ang bawat aytem ng mga indikeytor ng mga baryabol ay binigyan ng karampatang mga palarawang katumbas batay sa mga natamong *mean rating.* Sa domeyn ng pagsulat ang *nilalaman* ay may *mean rating* na 81.71 na may palarawang katumbas na *katamtaman*, sa *presentasyon* ay may *mean rating* na 82.86 at may palarawang katumbas na *katamtaman,* sa *organisasyon* ay may *mean rating* na 80.86 at may palarawang katumbas na *katamtaman, sa baybay ng mga salita at iba pang teknikal na aspeto* ay may *mean rating* na 80.14 at may palarawang katumbas na *katamtaman.* Ang indikeytor na ito ng di malayang baryabol ay nakabuo ng *mean* 82.31 na may palarawang katumbas na *katamtaman*.

Ang pagsulat ay nagbibigay diwa sa wikang Filipino sa paraang tekstuwal na midyum sa paggamit ng maraming palatandaan o simbolo. Ang pagsulat ay dapat tingnan bilang isang mekanikal na proseso na kung saan ang ilang pamantayan ay sinusunod tulad ng organisasyon, pagkakaugnay-ugnay, pagkakaisa, mga baryabol sa wika, layunin, at madla. Kung titingnan sa ganitong paraan, ang pagsulat ay isang estratehiko, nasa ayos, at isang pangunahing kasanayan ng komunikasyon. Sa katunayan, ang pagsulat ay may layunin at gawaing panlipunan na sumasaklaw sa pagtatala, pagbabalangkas, at pag-edit. Gayunpaman, ang pagsulat sa Filipino ay palaging iniiwasan ng mga mag-aaral sa Filipino dahil hindi sila nakatanggap ng sapat na pagsasanay. Gayundin, ang pagsusulat ay hindi maaaring mapabuti sa isang gabi. Ito ay isang mahabang proseso ng buhay na nangangailangan ng patuloy na pagsasanay at malawak na pagbabasa.

Sa paniniwala ni Van Bergen et.al (2018) ang Filipino ay isang wikang nagtatalaga ng tungkulin ng mabisang komunikasyon sa manunulat. Sa madaling salita, kung magkakaroon ng pagkasira ng komunikasyon, ito ay pagkakamali ng isang manunulat na hindi nagpahayag ng kanyang mga malinaw na ideya. Dagdag pa na ang pagsulat bilang isang panlipunan, komunikasyon, at may layuning aktibidad ay nagtatalaga ng responsibilidad sa manunulat. Sa pagtuturo, ang silid-aralan ay maaaring ganap na lumikha ng isang angkop na kapaligiran para sa pagsasanay ng pagsulat, na nagsisimula sa pagkolekta ng mga ideya, paunang pagsulat, pagpaplano, paggawa ng mga burador, at paghahanda ng huling bersyon. Kapansin-pansin na ang pagsusulat ay hindi isang gawaing nag-iisa. Sa halip, ito ay isang interaktibong proseso, na umaakit sa mga manunulat, mag-aaral, at guro. Kaya naman gumaganda ang mga komposisyon ng mga mag-aaral habang tumutugon sila sa pagtugon, opinyon, at mungkahi na ibinibigay.

***Talahanayan 3. Antas ng Kasanayang Ekspresib ng mga Senior High School Ayon sa Kasanayan sa Pagsasalita***

| Blg. | Mga Domeyn ng Pagsasalita | *Mean* | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nilalaman | 85.14 | Mataas |
| 2. | Tinig at Kahusayang berbal at di-berbal | 85.29 | Mataas |
| 3. | Tindig at tiwala sa sarili | 86.14 | Mataas |
| 4. | Pagkamalikhain | 83.71 | Katamtaman |
| | **Kabuoan** | **85.07** | **Mataas** |

Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang ekspresib sa pagsasalita ay nailalahad sa Talahanayan Bilang 3. Ang bawat aytem ng mga indikeytor ng mga baryabol ay binigyan ng karampatang mga panlarawang katumbas batay sa mga natamong *mean rating.* Sa domeyn ng pagsasalita ang *nilalaman* ay may *mean rating* na 85.14 na may palarawang katumbas na *mataas*, sa *presentasyon* ay may *mean rating* na 85.29 at may palarawang katumbas na *mataas,* sa *organisasyon* ay may *mean rating* na 86.14 at may palarawang katumbas na *mataas,* sa *baybay ng mga salita at iba pang teknikal na aspeto* ay may *mean rating* na 83.71 at may palarawang katumbas na *katamtaman.* Ang indikeytor na ito ng di malayang baryabol ay nakabuo ng *mean* 82.31 na may palarawang katumbas na *mataas*.

Ang pagsasalita ay tumanggap ng mataas na interes sa pag-aaral ng wikang Filipino at pananaliksik sa wika. Ito ay dahil ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagsasalita ay palaging isang makabuluhan at matingkad na katangian ng komunidad ng tao at isang kinakailangang aspeto sa pang-araw-araw na aktibidad. Ang ilang mga kahulugan ng pagsasalita ay nagsasaad na ito ay isang gawaing panlipunan na nangangailangan ng pagkakaroon ng isang tagapakinig at isang kontekstong sitwasyon. Pinagtibay sa pag-aaral ni Masduki (2016), ang pagsasalita ay isang interaktibong proseso ng pagbuo ng kahulugan na kinabibilangan ng paggawa, pagtanggap at pagproseso ng impormasyon.

Nangangahulugan ito na ang pagsasalita ay higit pa sa paggawa ng mga makabuluhang tunog. Ito ay isang masalimuot na proseso kung saan isinasama ang iba't ibang operasyon. Katulad ng nabanggit ni Healy at Mulholland (2019) na sa berbal na interaksyon, ang mga nagsasalita ay ekspresib. Sa pagsasalita nangyayari ang proseso ng *reciprocal exchange* sa pagitan ng mga kalahok sa pag-uusap. Ito ay malinaw na nagmumungkahi na ang mga nagsasalita ay nagiging ekspresib kapag sila ay kasangkot sa anumang naibigay na berbal na komunikasyon, na nangangailangan ng pagkakaroon ng parehong tagapagsalita at tagapakinig. Mula sa pananaw ni Henao (2017) na kailangang buoin ng mga tagapagsalita ang kanilang pakikipagtalastasan kung nais nilang maunawaan, lalo na sa malapasulat na pananalita gaya ng pagbibigay presentasyon.

Ang mga kasanayang ekspresib na pagsasalita at pagsulat ay gumaganap ng isang maimpluwensyang papel sa pagpapahusay ng anumang programa sa wika. Tinutulungan nila ang mga mag-aaral na ihatid ang kanilang mga saloobin at opinyon sa pamamaraang berbal at di-berbal. Ang pagtuturo ng mga ekspresib na kasanayan ay higit na mahalaga kaysa sa mga kasanayan sa reseptib sa kursong Filipino, dahil ang mga ito ay higit na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging propesyonal at mahusay na mga tagapagsalita. Sa katunayan, ang mga ito ay iniakma upang palakasin ang kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-usap sa parehong oral at nakasulat na mga *form*, gayundin upang matulungan silang maging mas produktibo kapag sumali sa *job market.* Dapat malaman ng isang tao na ang pagganyak at pagganap ng mga mag-aaral sa mga reseptib na kasanayan ay lubos na nakabatay sa interes at kasiyahang nabuo ng mga aktibidad na isinasagawa sa silid-aralan.

Sa resulta ng pag-aaral, mapapansin na ang pagsasalita at pagsulat ay parehong kasanayan sa komunikasyon na mahalaga sa kurikulum ng Filipino. Gayundin, ang mga ito ay dalawang pangunahing daluyan kung saan nakikipag-usap ang mga normal na tao. Ang mga ito ay pinamamahalaan din ng mga tuntunin ng semantika at sintaks. Ang pagsasalita ay nagpapatunay na isa sa mga pangunahing layunin ng pagkatuto ng wika na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagsalamuha sa kapwa.

***Talahanayan 4. Antas ng Kasanayang Ekspresib ng mga Senior High School Ayon sa Kasanayan sa Pagsulat at Pagsasalita***

| Blg. | Mga Domeyn sa Kasanayang Pagtanggap | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Kasanayan sa Pagsulat | 81.39 | Katamtaman |
| 2. | Kasanayan sa Pagsasalita | 85.07 | Mataas |
| | **Kabuoan** | **83.23** | **Katamtaman** |

Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng kasanayang ekspresib ay nailalahad sa Talahanayan Bilang 4. Ang bawat aytem ng mga indikeytor ng mga baryabol ay binigyan ng karampatang mga palarawang katumbas batay sa mga natamong *mean rating*.

Nakikita sa talahanayan ang mga datos na nalikom mula sa mga mag-aaral sa Senior High School gamit ang instrumento pananaliksik na nasa anyong pagsusulit. Ang kasanayan sa pagsulat ay nagtala ng *mean score* na 81.39 o nasa katamtamang antas. Ang talahanayang ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa kabuoan ay may kasiya-siyang pagganap sa pagsulat. Sa antas na ito, ang mga mag-aaral ay nakabuo ng mga pangunahing kaalaman at kasanayan at mga pangunahing pag-unawa ay nangangailangan ng kaunting gabay mula sa mga guro sa mga nilalaman ng asignaturang Filipino sa Senior High School sa aspektong pagsulat.

Ang kasanayan sa pagsasalita ay nagtala ng *mean score* na 85.07 o nasa mataas na antas. Ang talahanayang ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa kabuoan ay may lubhang kasiya-siyang pagganap sa pagsasalita. Sa antas na ito, ang mga mag-aaral ay nakabuo ng mga pangunahing kaalaman at kasanayan at mga pangunahing pag-unawa at nangangailangan ng kaunting gabay mula sa mga guro sa mga nilalaman ng asignaturang Filipino sa Senior High School sa aspektong pagsasalita.

Ang mga kasanayang ekspresib na pagsasalita at pagsulat ay gumaganap ng isang maimpluwensyang papel sa pagpapahusay ng anumang programa sa wika. Tinutulungan nila ang mga mag-aaral na ihatid ang kanilang mga saloobin at opinyon sa pamamaraang berbal at di-berbal. Ang pagtuturo ng mga kasanayang ekspresib ay higit na mahalaga kaysa sa mga kasanayan sa reseptib sa kursong Filipino, dahil ang mga ito ay higit na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging propesyonal at mahusay na mga tagapagsalita. Sa katunayan, ang mga ito ay iniakma upang palakasin ang kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-usap sa parehong oral at nakasulat na mga *form,* gayundin upang matulungan silang maging mas produktibo kapag sumali sa *job market*. Dapat malaman ng isang tao na ang

pagganyak at pagganap ng mga mag-aaral sa mga ekspresib na kasanayan ay lubos na nakabatay sa interes at kasiyahang nabuo ng mga aktibidad na isinasagawa sa silid-aralan.

Sa resulta ng pag-aaral, mapapansin na ang pagsasalita at pagsulat ay parehong kasanayan sa komunikasyon na mahalaga sa kurikulum na pang-edukasyon sa Filipino. Gayundin, ang mga ito ay dalawang pangunahing daluyan kung saan nakikipag-usap ang mga normal na tao. Ang mga ito ay pinamamahalaan din ng mga tuntunin ng semantika at sintaks. Sa paniniwala ni Van Bergen,et.al (2018) ang Filipino ay isang wikang nagtatalaga ng tungkulin ng mabisang komunikasyon sa manunulat.

Sa madaling salita, kung magkakaroon ng pagkasira ng komunikasyon, ito ay pagkakamali ng isang manunulat na hindi nagpahayag ng kaniyang mga malinaw na ideya. Dagdag pa na ang pagsulat bilang isang panlipunan, komunikasyon, at may layuning aktibidad ay nagtatalaga ng responsibilidad sa manunulat. Sa pagtuturo, ang silid-aralan ay maaaring ganap na lumikha ng isang angkop na kapaligiran para sa pagsasanay ng pagsulat, na nagsisimula sa pagkolekta ng mga ideya, paunang pagsulat, pagpaplano, paggawa ng mga burador, at paghahanda ng huling bersyon. Kapansin-pansin na ang pagsusulat ay hindi isang gawaing nag-iisa. Sa halip, ito ay isang interaktibong proseso, na umaakit sa mga manunulat, mag-aaral, at guro. Kaya naman, gumaganda ang mga komposisyon ng mga mag-aaral habang tumutugon sila sa pagtugon, opinyon, at mungkahi na ibinibigay ng iba.

***Talahanayan 5. Makabuluhang Ugnayan ng Kasanayang Reseptib at Kasanayang Ekspresib***

| Mga Baryabol | r-balyu | Antas ng Korelasyon | p-balyu | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| (X) Kasanayang Reseptib<br>(Y) Kasanayang Ekspresib | 0.45 | Katamtaman | .02 | Tinanggihan |

Namamalas sa Talahanayan 5 ang datos ng makabuluhang ugnayan sa kasanayang reseptib at kasanayang ekspresib. Lumabas ang r-balyu na (0.45) nang suriin ang ugnayan ng dalawang baryabol (X at Y). Ang nasabing value ay nagpapakita ng katamtamang digri ng ugnayan at midyum na antas ng correlation. Masasabing ang ugnayan ay makabuluhan sapagkat ang p-balyu na 0.02 ay natagpuang mababa kung ihambing sa 0.05 antas na kahalagahan. ($p$=00.02 < 0.05). Ang hipotesis na nagsasabi na walang makabuluhang ugnayan ang kasanayang reseptib at kasanayang ekspresib ng mga mag-aaral na Senior High School ay tinanggihan.

Nangangahulugan ito na habang tumataas ang antas ng kasanayang reseptib, tumataas din ang antas ng kasanayang ekspresib ng mga kalahok. Sa kabilang dako, habang bumababa ang antas ng kasanayang reseptib, bumababa rin ang antas ng kasanayang ekspresib sa mga kalahok. Natuklasan nina Miralpeix at Muñoz (2018) na ang mga kasanayan sa reseptib ay nauugnay sa mga ekspresib na kasanayan ng mga mag-aaral sa Pamantasan ng Catalan-Espanya. Sa kanilang pag-aaral, may 42 kalahok ang tinasa sa pamamagitan ng isang *receptive vocabulary size test* sa sampung antas ng dalas ng salita at sa parehong kasanayan sa reseptib at ekspresib. Kapansin-pansin, ang mga kasanayan sa reseptib ay nauugnay sa mga kasanayan sa pagsulat at katamtamang iniugnay sa mga kasanayan sa pagsasalita.

Samantala, tinalakay Masduki (2016) ang positibong relasyon sa pagitan ng mga kasanayan sa reseptib (pagbasa at pakikinig) at kasanayang ekspresib (pagsasalita at pagsulat) sa mga mag-aaral. Naniniwala ang may-akda na ang pagsasama-sama ng mga kasanayan sa reseptib at ekspresib sa isang aralin ay mahalaga para sa kanilang mga mag-aaral upang makamit ang mga layunin ng aralin. Higit pa rito, inilarawan ng may-akda ang mga yugto ng pagtuturo na kinabibilangan ng paglitaw ng mga ideya, pagbibigay-diin sa leksikon at ang mga kahulugan nito, paghula sa teksto, pag-aayos ng mga pinaghalo-halong talata, pakikinig, pag-unawa sa pagbasa, at pagsasadula ng kuwento o pagsasalita, na sa huli ay nakatutulong sa pagtatamo ng mataas na kasanayan sa reseptib at ang mga ekspresib na kasanayan sa mga mag-aaral. Sa isang pag-aaral na isinagawa ni Demirbaş (2013), ang mga kasanayan sa reseptib ng *English Language Teaching (ELT) freshmen* ay malapit na nauugnay sa kanilang mga ekspresib na kasanayan. Sinuri sa kaniyang pag-aaral na ang mga mag-aaral ng paaralang Gazi University noong 2009 – 2010 akademikong taon sa mga tuntunin ng mga kasanayan sa reseptib at ekspresib. Ang mga resulta ay nagsiwalat na ang kakayahan sa pagbasa at pakikinig ng mga mag-aaral ay may malakas na epekto sa kanilang mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat.

Ang tagumpay ng mga mag-aaral sa pagtatasa sa pagsasalita at pagsulat ay naiugnay sa kanilang mataas na marka sa mga aktibidad sa pagbasa at pakikinig. Samakatuwid, ang pag-aaral ay nagrekomenda na ang mga punong-guro ng paaralan ay dapat

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

lumikha ng iba't ibang mga kagamitan at pagkakataon upang mapabuti ang kakayahan sa pagbasa at pakikinig ng mga mag-aaral dahil ang mga ito ay magpapahusay sa kanilang mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat.

***Mga Hulwarang Banghay Pampagtuturo ng Kasanayang Reseptib at Ekspresib***

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nalinang ng mananaliksik ang mga banghay pampagtuturo para sa mga kasanayang reseptib at ekspresib. May tatlong bahagi ang mala-masusing banghay-aralin na naihanda: Una, mga kasanayang pampagkatuto/ tunguhin/ pamantayan; Pangalawa, nilalaman at pangatlo ay ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.
**** sumangguni sa mananaliksik para sa mga hilwarang banghay pampagtuturo****

**Mga Konklusyon at Rekomendasyon**

Nailalahad sa kabanatang ito ang mga natuklasan batay sa mga resultang nakalap sa pag-aaral, ang mga konklusyon na nakuha mula sa natuklasan, at mga rekomendasyon sa pag-aaral. Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang makabuluhang ugnayan ng kasanayang reseptib at kasanayang ekspresib ng piling mag-aaral sa Senior High School sa lungsod ng Davao, Rehiyon-XI sa Taong Panuruan 2020-2021. Ang kinalabasan ng pag-aaral ay ginamit bilang batayan ng pagbuo ng istratehiya at hulwarang banghay- aralin sa pagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ay binubuo ng 175 na mag-aaral sa Ikalabing Isang baitang ng Senior High School. Ang ginamit sa pag-aaral na ito ay *simple random sampling* at gumamit ng *web application* na *random name picker* ang mananaliksik upang makuha ang listahan ng mga kalahok na kinakailangan. Isang *"descriptive-correlational"* na disenyo ang ginamit sa kwantitatibong pananaliksik na ito. Sa kawalan ng magamit na istandardisadong kagamitan sa pangangalap ng kinakailangang datos, ang mananaliksik ay naghanda ng sariling instrumento batay sa mga nabasang kaugnay na literatura at mga di-nalathalang kagamitan. Sa pagsusuri ng datos ginamit ang *mean* at *Pearson Product-Moment Correlation*. Ang hipotesis ay sinubok sa 0.05 na antas ng kahalagahan.

Mula sa mga nakalap na datos, ang mga sumusunod na ay ang mga natuklasan:

Ang kasanayan sa pagbasa ay nagtala ng *mean score* na 81.87 at ang kasanayan sa pagkikinig ay nagtala ng mean score na 82.75 sa katamtamang antas. Sa kabuoan, ang kasanayang reseptib ay may mean score na 82.31 o katamtamang antas.

Ang kasanayan sa pagsulat ay nagtala ng mean score na 81.39 na sa antas katamtaman at ang kasanayan sa pagsasalita ay may mean score na 85.07 sa antas mataas. Sa kabuoan, ang kasanayang ekspresib ay may mean score na 82.23 o katamtamang antas.

Masasabing ang ugnayan ay makabuluhan sapagkat ang p-value na 0.02 ay natagpuang mababa kung ihambing sa 0.05 antas na kahalagahan. ($p=00.02 < 0.05$). Ito ay nagpapatunay na ang kasanayang reseptib at ekspresib ay may makabuluhang ugnayan.

Ang hulwarang banghay-pampagtuturo ay ibinatay sa mga nakalap na datos bilang pagpapayabong sa mga kasanayang reseptib at ekspresib.

***Mga Konklusyon***

Batay sa pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo:

Ang kasanayang reseptib ay may mean score na 82.31 o katamtamang antas. Ang mga pagganap ng mga Senior High School na mag-aaral sa ay kasiya-siya.

Ang kasanayang ekspresib ay may mean score na 82.23 o katamtamang antas. Ang mga pagganap ng mga Senior High School na mag-aaral sa ay kasiya-siya.

Ang *p-value* na 0.02 ay natagpuang mababa kung ihambing sa 0.05 antas na kahalagahan. ($p=00.02 < 0.05$), lumalabas sa pag-aaral na may makabuluhang ugnayan ang kasanayang reseptib at ekspresib. Nangangahulugan na habang tumataas ang antas ng kasanayang reseptib tumataas din ang antas ng kasanayang ekspresib ng mga kalahok.

***Mga Rekomendasyon***

Batay sa mga konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod upang mas mapaganda ang maaaring kalabasan ng mga susunod pang mga pag-aaral na may kaugnayan sa mga impormasyong nakapaloob sa pag-aaral na ito:

Ang mga mag-aaral ay dapat gamitin ang mga estratehiyang ginamit sa banghay-aralin upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa reseptib at ekspresib.

Ang mga guro ay dapat gumamit sa mga iminungkahing banghay-aralin sa mga mag-aaral upang mapahusay ang mga kasanayan sa reseptib at ekspresib. Ang banghay-aralin ay dapat na ugaliing subaybayan upang matugunan ang mga nagbabago at magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang mga tagapamahala ng paaralan ay dapat bigyang kakayahan ang mga guro sa paglikha ng mga banghay-aralin upang mapahusay ang reseptib at ekspresib na mga kasanayan ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang pagsasagawa ng pagsasanay, palihan, at institusyonal na oryentasyon. Sa paggawa nito, ang kakayahan ng mga guro na lumikha ng nasabing mga banghay aralin ay lubos na mapapahusay at ito ay may positibong epekto sa reseptib at ekspresib. na mga kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang mga mananaliksik sa hinaharap ay dapat magsagawa ng pag-aaral na tutuklas sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang mga kasanayan na reseptib at ekspresib sa silid-aralan. Maaaring pag-aralan sa hinaharap ang iba pang mga salik na maaaring makaapekto sa mga kasanayan sa reseptib at ekspresib tulad ng mga estratehiya sa pag-aaral, sikolohikal at kapaligiran na katangian. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay naaangkop lamang sa isang antas ng baitang sa isang paaralan. Samakatuwid dapat gumawa ng isa pang pag-aaral na sumasaklaw sa iba pang mga paaralan sa lahat ng antas ng baitang upang makuha ang buong konteksto ng pagkakaugnay ng mga kasanayan sa reseptib at ekspresib.

## TALASANGGUNIAN

1. *Banditvilai, C. (2016). Enhancing students language skills through blended learning. Electronic Journal of e-Learning, 14(3), pp223-232.*
2. *Daniel, K., Cason, C. L., & Shrestha, S. (2011). A Comparison of Glomerular Filtration Rate Estimating Equation Performance in an Older Adult Population Sample. Nephrology Nursing Journal, 38(4).*
3. *Demirbaş, M. (2013). Performance differences between ELT freshmen's receptive and productive skills. Journal of Language and Linguistic Studies, 9(1).*
4. *Domingo, D. R. (2016). Content area effectiveness: English Vs Filipino medium of Instruction. PEOPLE.*
5. *Ebardo, R. (2018). Predictors of Cyber-plagiarism: The case of Jose Rizal University. In Proceedings of the 26th International Conference on Computers in Education. Philippines: Asia-Pacific Society for Computers in Education, 778 (Vol. 783).*
6. *Greenbaum, P. E. (1985). Nonverbal differences in communication style between American Indian and Anglo elementary classrooms. American educational research Journal, 22(1), 101-115.*
7. *Healy, K., & Mulholland, J. (2019). Writing skills for social workers. Sage.*
8. *Henao, R. (2017). Deconvolutional paragraph representation learning. arXiv preprint arXiv:1708.04729.*
9. *Krashen, S. D., Terrell, T. D., Ehrman, M. E., & Herzog, M. (1984). A theoretical basis for teaching the receptive skills. Foreign Language Annals, 17(4), 261.*
10. *Mangahis, J. C. (2011). Ang Makrong-kasanayan sa Filipinolohiya= The Macro-skills in Filipinology. MALAY, 23(2), 1-1.*
11. *Masduki, M. (2019). Style In Translating Madurese Cultural Texts. In Unnes International Conference on ELTLT (169-175).*
12. *Miralpeix, I., & Muñoz, C. (2018). Receptive vocabulary size and its relationship to EFL language skills. International Review of Applied Linguistics in Language Teaching, 56(1), 1-24.*
13. *Neelam, N., Sheorey, P., Bhattacharya, S., & Kunte, M. (2020). Organization for economic co-operation and development guidelines for learning organization in higher education and its impact on lifelong learning–evidence from Indian business schools. VINE Journal of Information and Knowledge Management Systems.*
14. *Prieto, Naval and Carey (2017). Practical research 2 for Senior High School. Lori Mar Publishing Quipper School (2017). Quipper School. Retrieve on June 2017 from https://school.quipper.com/en-PH/signup.html*
15. *Reyes, J. R. S., Grajo, J. D., Comia, L. N., Talento, M. S. D. P., Ebal, L. P. A., & Mendoza, J. J. O. (2021). Assessment of Filipino Higher Education Students' Readiness for e-Learning During a Pandemic: A Rasch Technique Application. Philippine Journal of Science, 150(3), 1007-1018.*
16. *Rodriguez, E. C., & Napigkit, C. Q. (2017). Receptive Skill in Reading Correlates with Students' Writing Competence. JPAIR Institutional Research Journal, 9(1), 1-1.*
17. *Rodriguez, M. A. (2015). The gremlin graph traversal machine and language (invited talk). In Proceedings of the 15th Symposium on Database Programming Languages (1-10).*
18. *Rosenblatt, L. M. (1988). Writing and reading: The transactional theory. Technical report.*
19. *Saddler, B., & Graham, S. (2005). The effects of peer-assisted sentence-combining instruction on the writing performance of more and less skilled young writers. Journal of educational psychology, 97(1), 43.*
20. *Searle, J. R. (1979). Expression and meaning: Studies in the theory of speech acts. Cambridge University Press.*
21. *Suhendar, S., & Wahyuni, A. (2018). Achievement and response of students at favorite junior high schools in sukabumi on trends in international mathematics and science study (timss) questions. Biosfer: Jurnal Pendidikan Biologi, 11(2), 126-133.*
22. *Van Bergen, E., van Zuijen, T., Bishop, D., & de Jong, P. F. (2017). Why are home literacy environment and children's reading skills associated? What parental skills reveal. Reading Research Quarterly, 52(2), 147-160.*
23. *Vital, M. J. (2021). Then and now: analyzing Filipino youth education and work decisions following the 12 basic education reform. Philippine Review of Economics, 57(1), 152-187.*